*Tagalog | Tagalog*

# Alamin ang iyong mga karapatan, magsabi ng iyong opinyon

**Setyembre 2023**

Ang Independent Mental Health Advocacy (IMHA) (Independiyenteng Adbokasya sa Kalusugang Pangkaisipan) ay makatutulong sa iyo upang alamin ang iyong mga karapatan at magsabi ng iyong opinyon. Ang IMHA ay isang libre at kumpidensyal na serbisyo ng adbokasya para sa mga tao na:

- tumatanggap ng sapilitang paggamot (compulsory treatment), o
- nag-aalala tungkol sa pagtanggap ng sapilitang paggamot.

Ang IMHA ay isang serbisyong inihahatid ng Victoria Legal Aid ngunit ito ay hindi isang ligal na serbisyo. Ang IMHA ay hiwalay sa mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan.

## Kokontakin ka namin

Simula sa ika-1 ng Setyembre 2023, ang *Mental Health and Wellbeing Act 2022 (Vic)* *(Batas ng Kalusugang Pangkaisipan at Kagalingan 2022)* ay nagsasaad na kami ay aabisuhan sa mga mahahalagang yugto kapag ikaw ay tumatanggap ng sapilitang paggamot. Alamin ang karagdagan tungkol sa "Kailan aabisuhan ang IMHA?' (When will IMHA be notified?) na seksyon ng dokumentong ito.

Kokontakin ka namin maliban kung pasasabihan mo kami na huwag gawin ito. Kapag ikaw ay kinontak namin, ipapaliwanag namin kung ano ang aming ginagawa, at makakapagpasya ka kung gusto mo ang aming mga serbisyo. Para sabihin sa amin na huwag kang kokontakin, tingnan ang seksyon sa impormasyong ito na 'Sabihin sa amin na huwag kang kokontakin' (Tell us not to contact you).

## Maaari mo kaming kontakin

Kung ikaw ay kasalukuyang hindi tumatanggap ng sapilitang paggamot ngunit nag-aalala tungkol sa pagtanggap nito, maaari ka pa ring makakuha ng mga serbisyo ng IMHA. Kailangan mo kaming kontakin nang direkta dahil hindi kami maaabisuhan. Maaari mo kaming tawagan sa 1300 947 820, bisitahin ang aming website sa www.imha.vic.gov.au, o mag-email sa imhacontact@imha.vic.gov.au

Kabilang sa mga karaniwang dahilan kung bakit maaaring mag-alala ang mga tao sa pagtanggap ng sapilitang paggamot ay ang pakiramdam na tila hindi ka maaaring sumalungat sa pangkat na gumagamot sa iyo, o ang pangkat na gumagamot sa iyo ay nagsabi na kung hindi ka gagawa ng isang bagay, ikaw ay ilalagay sa sapilitang paggamot.

## Paano ka masusuportahan ng IMHA

Masusuportahan ka namin upang:

- maunawaan ang impormasyon tungkol sa iyong pagtasa, paggamot, pangangalaga at paggaling
- magdesisyon tungkol sa iyong pagtasa, paggamot at pangangalaga
- maunawaan at gamitin ang iyong mga Karapatan
- gumawa ng paunang pahayag ng mga kagustuhan
- humirang ng iminungkahing taong tagasuporta (nominated support person)
- humingi ng pangalawang psychiatric na opinyon

- humingi ng ligal na payo
- mag-aplay sa Mental Health Tribunal (Tribunal para sa Kalusugang Pangkaisipan)
- maunawaan at mag-access sa sistema ng serbisyo para sa kalusugang pangkaisipan at kagalingan
- magsabi ng iyong mga desisyon, opinyon at kagustuhan sa iyong mga serbisyo ng kalusugang pangkaisipan at kagalingan at iba pa
- magreklamo.

Maaari kaming mag-organisa ng isang interpreter. Maaari mo ring tawagan ang Translating and Interpreting Service (Serbisyo ng Pagsasalinwikang Pasulat at Pasalita) sa 131 450 at hilinging ikonekta ka sa amin.

Kung sasang-ayon ka, maaaring katawanin ng IMHA ang iyong mga opinyon sa iyong serbisyo ng kalusugang pangkaisipan at kagalingan.

Ang iyong tagataguyod mula sa IMHA ay:

- kikilos ayon sa tagubilin mo
- hindi gagawa ng aksyon kung wala kang pagsang-ayon
- hindi gagabayan ng mga itinuturing ng iba na nasa iyong pinakamabuting kapakanan, kung ikaw ay 16 na taon gulang pataas. Kung ikaw ay 15 taong gulang or mas bata, isusulong ng IMHA ang iyong pananaw at makikipagtulungan sa iyong pamilya, mga tagapag-alaga, at mga tagasuporta upang masiguro na maprotektahan ang iyong pinakamabuting kapakanan.

## Sabihin sa amin na huwag kang kontakin

Kailangan mong magbigay ng impormasyong makakapagpakilala sa iyo upang matiyak namin na:

- hindi ka namin kokontakin, at
- tatanggalin ang impormasyong natanggap namin tungkol sa iyong sapilitang paggamot.

Ang impormasyong iyong ibibigay sa amin ay pamamahalaan ng aming kawaning pang-administrasyon. Maaari mong bisitahin ang https://www.imha.vic.gov.au/how-we-handle-personal-information upang alamin kung paano namin pinamamahalaan ang personal na impormasyon at pinoprotektahan ang iyong pagkapribado.

Upang sabihin sa amin na huwag kang kontakin:

- tawagan ang 03 9093 3701
- bisitahin ang www.imha.vic.gov.au/optout para punan ang opt-out form
- kumpletuhin ang sumusunod na form at ipadala ito sa imhaadmin@imha.vic.gov.au o ihulog sa koreo sa:

Independent Mental Health Advocacy

GPO Box 4380

Melbourne VIC 3001

- Mag-email sa amin sa imhaadmin@imha.vic.gov.au na kalakip ang sumusunod na pahayag ng pagsang-ayon at impormasyon.

Maaari mong hilingan ang isang kawani o tagasuporta para tulungan kang mag-sabmit ng form.

Ako, si ______________________________ ay **hindi** gusto na ako ay kontakin ng IMHA kung ako ay ilalagay sa isang kautusan ng sapilitang paggamot o sa anumang iba pang mahahalagang yugto. Nauunawaan ko na tatanggalin ng IMHA ang anumang impormasyong matatanggap nila sa hinaharap tungkol sa aking sapilitang paggamot.

Petsa ng Kapanganakan: _____________________

Nilagdaan: _____________________

Petsa: _____________________

Pambuong estadong Numero ng UR (State-wide UR Number) - SWURN: _____________________

Ito ay bukud-tanging numero na ibinibigay sa lahat ng mga konsyumer na uma-access sa pampublikong mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip. Ginagamit namin ang numerong ito upang matiyak na makikilala ka namin nang tama. Kung hindi mo alam ang iyong SWURN, maaari mong itanong sa iyong serbisyo ng kalusugang pangkaisipan at kagalingan, o tawagan ang IMHA para sa impormasyon kung kanino hihingi ng tulong.

Numero ng telepono: _____________________

Email: _____________________

Address: _____________________

Suburb/Bayan: _____________________

Postcode: _____________________

Kung sakaling magbago ka ng isip malaunan at nais mong ikaw ay kontakin ng IMHA habang tumatanggap ka ng sapilitang paggamot, maaari kang:

- tumawag sa 1300 947 820
- mag-email sa imhacontact@imha.vic.gov.au
- bumisita sa aming website sa www.imha.vic.gov.au

## Kailan aabisuhan ang IMHA?

Ang IMHA ay aabisuhan kung:

- ikaw ay inilagay sa isang kautusan ng pansamantalang paggamot, o sa isang kautusan ng paggamot, kabilang kung ikaw ay isang pasyenteng forensic o may seguridad
- ang iyong karapatang makipagkomunikasyon ay hinigpitan

- ang kautusan sa iyong pansamantalang paggamot, o kautusan ng paggamot, ay nabago mula sa komunidad na naging inpatient o inpatient na naging komunidad
- ang kautusan sa iyong pansamantalang paggamot, o kautusan ng paggamot, ay napawalang-bisa o nakansela
- ikaw ay may naka-iskedyul na pagdinig sa Mental Health Tribunal (Tribunal para sa Kalusugang Pangkaisipan)
- gumamit ng may paghihigpit na interbensyon, gaya kung ikaw ay ihiniwalay, o pinigilan nang pisikal o ginamitan ng kemikal
- binago ang iyong kautusan upang ilipat ka para gamutin sa ibang nakatalagang serbisyo ng kalusugang pangkaisipan.

Kung ikaw ay isang pasyenteng may seguridad, aabisuhan din ang IMHA kung:

- ikaw ay tinanggap, o dinala sa isang nakatalagang serbisyo ng kalusugang pangkaisipan
- ikaw ay na-discharge na at pinabalik sa bilangguan.

Kung ikaw ay pasyenteng forensic, aabisuhan din ang IMHA kung:

- ikaw ay inilipat sa isang nakatalagang serbisyo ng kalusugang pangkaisipan, maliban kung ang Forensic Leave Panel ay nag-apruba sa transportasyon o kaya ay inatasan ng isang awtorisadong lupon
- ang iyong psychiatrist o ang Punong psychiatrist ay nag-utos na ikaw ay ilipat sa ibang nakatalagang serbisyo ng kalusugang pangkaisipan
- ang Forensicare ay nag-aplay sa Mental Health Tribunal ng kautusan para sa masinsinang pagsubaybay, kung at kailan ginawa ang kautusang ito.

## Paano ang pagkontak sa IMHA at alamin ang higit pa

- Bisitahin ang website sa www.imha.vic.gov.au o mag-email sa imhacontact@imha.vic.gov.au
- Tawagan ang IMHA sa linya ng telepono sa 1300 947 820, na ang mga tauhan ay mga tagataguyod ng IMHA, 9.30 am – 4.30 pm, pitong araw sa isang linggo (maliban sa mga pista opisyal).
- Tawagan ang IMHA rights line sa 1800 959 353 upang pakinggan ang recording tungkol sa iyong mga karapatan.
- Hilingin ang isang tagapagbigay ng serbisyo ng kalusugang pangkaisipan, tagapag-alaga o iba pang tagasuportang tao para matulungan kang kumontak sa IMHA.
- Kung gusto mong magbigay ng komento o magreklamo tungkol sa IMHA, mangyaring kontakin kami, o bisitahin ang feedback section (seksyon ng komento) ng aming website.
- Kumuha ng isang libreng tagapagsaling-wika sa pamamagitan ng pagtawag sa 131 450, at pagkatapos ay hilingin sa kanila na kontakin kami sa 1300 947 820.